



# PATNUBAY SA MISA


24 Enero 2021

Ika-3 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon B

## PAMBANSANG LINGGO NG BIBLIYA

### Ang Pagpapahayag ni Hesuskristo ng Paghahari ng Diyos



**T**ayo ay nasa Ikatlong Linggo sa Karaniwang Panahon. Sinisimulan ni Hesus ang kanyang pagiging Mesiyas sa pamamagitan ng pagpapahayag ng Paghahari ng Diyos. Ang mga unang katagang binitiwang ni Hesus ay tungkol dito. Ang mga unang kataga ng isang mahalagang tao ay mahalaga dahil taglay ng mga ito ang buong pakay niya sa buhay. Ang ipahayag ang Paghahari ng Diyos ang dahilan ng pagparito ni Hesus sa ating piling. Ang sinumang nais mapabilang sa Paghahari ng Diyos ay dapat magsisi at sumampalataya. Sa paraang ito lamang maaari siyang maging alagad ng Paghahari ng Diyos.

Matulungan nawa tayo ng ating pagdiriwang na maging tunay na mga alagad ng Paghahari ng Diyos. Ngayon ay Pambansang Linggo ng Bibliya. Ang pagdiriwang na ito ay isang paalaala ng kahalagahan ng nakasulat na Salita ng Diyos hindi lamang sa buhay ng Simbahan, kundi ng bawat sumasampalataya. Tungkulin nating malaman ito nang mahusay, isabuhay ito, at ibahagi ang kayamanan nito sa lahat. Tulutan nawang ito'y maging pangako natin ngayon at isa sa ating mga kahilingan sa pag-aalay ng Eukaristiyang ito.

### PASIMULA



#### Pambungad

(Ipahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

**Panginoon'y papurihan, bagong awit s'ya'y awitan. Umawit ka, sanlibutan, sa dangal n'ya't kabanalan, at ganda sa dalanginan.**

#### Pagbati

**P** –Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesuskristong nagpapahayag ng Paghahari ng Diyos, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

**B** – At sumaiyo rin!

#### Pagsisisi

**P** –Nagsasaya tayo sa Panginoong Hesus na siyang nagtatatag ng Paghahari ng Diyos. Pagsisihan natin ang ating pagmamatigas sa

tawag ng Panginoong magsisi. (Manahimik saglit.)

**P** –Para sa aming kawalan ng pananampalataya sa paghaharing iyong itinatatag, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B** –Panginoon, kaawaan mo kami!

**P** –Para sa aming kahinaan ng pag-asa sa tulong na iyong ibinibigay para kami'y maging mga alagad ng Paghahari ng Diyos, Kristo, kaawaan mo kami!

**B** –Kristo, kaawaan mo kami!

**P** –Para sa aming kakulangan ng pagmamahal sa iyo at sa aming mga kapatid sa pananampalataya, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B** –Panginoon, kaawaan mo kami!

**P** –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B** – Amen!

#### Papuri

**B** –Papuri sa Diyos sa kaitaan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesuskristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahi-lingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesuskristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

## Panalanging Pambungad

**P** –Ama naming makapangyarihan, itaguyod mo ang aming ginagampanan alinsunod sa iyong kalooban upang sa ngalan ng Anak mong mahal, kami’y maging marapat magkaroon ng karagdagan sa aming paggawa ng mga kabutihan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.  
**B**– Amen!

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



**Unang Pagbasa Jon 3:1-5.10**  
*Ang Unang Pagbasa galing kay Propeta Jonas ay tungkol sa pagpapahayag ng hamon ng Diyos sa mga taga-Ninive na magsisi at magbagong-buhay. Ang kanilang pagtalima sa tawag na ito ng Diyos ay nagpalubag sa kalooban ng Panginoon.*

**L**–Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Jonas

**Sinabi ng Panginoon kay Jonas:** “Pumunta ka sa Lunsod ng Ninive at ipahayag mo ang mga ipinasasabi ko sa iyo.” Nagpunta nga si Jonas sa Ninive. Malaki ang lunsod na ito. Aabut ng tatlong araw kung lalakaring pabagtas. Siya’y pumasok sa lunsod.

Pagkaraan ng maghapon paglalakad, malakas niyang ipinahayag, “Gugunawin ang Ninive pagkaraan ng apatnapung araw!” Naniwala ang mga tagaroon sa pahayag na ito mula sa Diyos. Kaya, nag-ayuno sila at nagdamit ng sako bilang tanda ng lubos na pagsisisi at pagtalikod sa kanilang mga kasalanan.

Nakita ng Diyos ang kanilang pagtalikod sa kasamaan kaya hindi na itinuloy ang paggunaw sa Ninive.

Ang Salita ng Diyos!  
**B**– Salamat sa Diyos!

## Salmong Tugunan Awit 24

**B**–Poon, ang iyong landasi’y iyong ituro sa akin!

R. M. Velez

Po- on, ang 'yong landa-si'y 'yong i-  
tu- ro sa a- kin!

\* Ang kalooban mo’y ituro, O Diyos, ituro mo sana sa aba mong lingkod; ayon sa matuwid, ako ay turuan, ituro mo, Poon, ang katotohanan; Tagapagligtas ko na inasahan.  
**B**.

\* Poon, gunitain, pag-ibig mong wagas, at ang kabutihang noon pa’y nahayag. Pagkat pag-ibig mo’y hindi nagmamaliw, ako sana, Poon, ay alalahanin.  
**B**.

\* Mabuti ang Poon at makatarungan, sa mga salari’y guro at patnubay; sa mababang-loob siya yaong gabay, at nagtuturo ng kanyang kalooban.  
**B**.

## Ikalawang Pagbasa 1 Cor 7:29-31

*Idinidiin ni San Pablo sa mga Kristiyano ng Corinto ang kahalagahan ng katatagan sa buhay. Hindi dapat talikdan ang tuwid na daang tinatahak ng isang alagad dahil malapit na ang panahong itinakda ng Diyos.*

**L**–Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

Ito ang ibig kong sabihin, mga kapatid: Malapit na ang takdang panahon, kaya’t mula ngayon, ang may asawa ay mamuhay na parang walang asawa; ang mga nananangis, na parang di nananangis; ang mga nagagalak, na parang di nagagalak; ang mga namimili, na parang walang ari-arian, at ang mga nagtatamasa sa sanlibutang ito, na parang di nila ito alintana. Sapagkat ang lahat ng bagay na ito’y mapaparam.

Ang Salita ng Diyos!  
**B**– Salamat sa Diyos!

## Aleluya Mc 1:15

**B**–Aleluya! Aleluya!  
Ang D’yos ay maghahari na, talikdan ang tanang sala, manalig sa balita n’ya.  
Aleluya! Aleluya!

## Mabuting Balita Mc 1:14-20

*Ang sipi ng ating Mabuting Balita ay nagtataglay ng mga unang katagang binitiwang ni Hesus. Ito ay tungkol sa pagpapahayag ng Paghahari ng Diyos. Ang sinumang handang tanggapin ang pahayag na ito ay dapat magsisi at sumampalataya. Ang ayaw magsisi at sumampalataya ay hindi magiging alagad ni Kristo kailanman.*

**P**–Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos  
**B**–Papuri sa iyo, Panginoon!

Pagkatapos dakpin si Juan, si Hesus ay nagtungo sa Galilea at ipinangaral ang Mabuting Balitang mula sa Diyos: “Dumating na ang takdang panahon, at malapit na ang paghahari ng Diyos! Pagsisihan ninyo’t talikdan ang inyong mga kasalanan at maniwala kayo sa Mabuting Balitang ito.”

Samantalang naglalakad si Hesus sa tabi ng Lawa ng Galilea, nakita niya ang magkapatid na Simon at Andres na naghahagis ng lambat. Sila’y mangingisda. Sinabi ni Hesus, “Sumama kayo sa akin at kayo’y gagawin kong mamamalakaya ng tao.” Pagdaka’y iniwan nila ang kanilang lambat, at sumunod sa kanya.

Nagpatuloy siya ng paglalakad, at sa di kalayuan ay nakita niya ang magkapatid na Santiago at Juan, mga anak ni Zebedeo. Sila’y nasa kanilang bangka at naghahayuma ng mga lambat. Tinawag din sila ni Hesus at sumunod naman sa kanya. Iniwan nila sa bangka ang kanilang ama, kasama ng mga taong upahan.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!  
**B**–Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

## Homiliya

### Sumasampalataya

**B**–Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nanga-

matay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### **Panalangin ng Bayan**

**P** –Tayo ay nagagalak sa pagpapahayag ni Hesus ng Paghahari ng Diyos. Dinggin natin ang kanyang panawagang magsisi at sumampalataya. Ang ating sasambitin ay:

**B** –Panginoon, dinggin Mo kami!

\* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang maging masugid silang alagad ng Paghahari ng Diyos at magsaboy ng liwanag at ligaya sa balat ng lupa, manalangin tayo sa Panginoon!

**B.**

\* Para sa lahat ng mga Kristiyano sa ating bansa, upang sa taong ito ng paggunita sa pagpupunla ng Pananampalatayang Kristiyano sa ating kapuluan ay talagang magsisi sila at sumampalataya sa Mabuting Balita, manalangin tayo sa Panginoon!

**B.**

\* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang maitaguyod nila nang buong tapang ang paglaban sa dilim at lungkot na dala ng *COVID-19 pandemic* at nang makabuo sila ng isang matatag na lipunang Pilipino, manalangin tayo sa Panginoon!

**B.**

\* Para sa mga taong nagtalaga ng sarili sa pagpapalaganap ng Paghahari ng Diyos, upang makatagpo sila ng mga taong may mabuting kalooban at bukas ang puso sa pahatid ng Poong Maykapal, manalangin tayo sa Panginoon!

**B.**

\* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagdiriwang na ito, upang lumakas ang ating pananabik na mapaghari ang Diyos sa lahat ng sulok ng ating bayan at ng buong daigdig, manalangin tayo sa Panginoon!

**B.**

\* Para sa ating lahat ngayong ipinagdiriwang natin ang Pamansang Linggo ng Bibliya, upang ituring natin itong hamon na basahin ang Salita ng Diyos araw-araw, pakinggan ang Kanyang mensahe, at isabuhay ito, manalangin tayo sa Panginoon!

**B.**

\* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo!

**B.**

**P** –Ama naming mapagpala,

isinugo Mo ang Iyong Anak bilang aming Mesiyas na magdadala ng liwanag at ligaya sa aming daigdig. Puspusin Mo kami ng Banal na Espiritu at nang kami'y maging masigasig na alagad ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon!

**B** –Amen!



**P** –Manalangin kayo . . .

**B** –Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

### **Panalangin ukol sa mga Alay**

**P** –Ama naming Lumikha, tanggapin mong malugod ang aming mga handog. Ngayong ang kabanalan ay iyong dulot, kami'y sumasamo sa iyo't lumuluhog upang kaligtasa'y iyong ipagkaloob sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B** –Amen!

### **Prepasyo I**

**P** –Sumainyo ang Panginoon!

**B** –At sumaiyo rin!

**P** –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

**B** –Itinaas na namin sa Panginoon!

**P** –Pasalamatan natin ang Panginoon at Diyos!

**B** –Marapat na siya ay pasalamatan!

**P** –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Sa dakilang pagtubos niya sa amin ang kasalana't kamatayang aming pasanin ay binalikat niya upang kami'y palayain at maitampok sa iyong luningning. Siya ang nagtanghal sa amin bilang liping hinirang, pari at haring lingkod sa iyong kamahalan. Mula sa kadiliman, kami'y iyong tinawag upang makasapit sa iyong liwanag bilang iyong angkanang may tungkuling maglahad ng iyong dakilang pag-ibig sa lahat.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang

walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B** –Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

**P**inagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

### **Pagbubunyi**

**B** –Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



**B** –Ama namin . . .

**P** –Hinihiling namin . . .

**B** –Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

### **Paanyaya sa Kapayapaan**

#### **Paghahati-hati sa Tinapay**

**B** –Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

#### **Paanyaya sa Pakikinabang**

**P** –Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

**B** –Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

#### **Antipona ng Pakikinabang**

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

**Sa Panginoon'y dumulog nang maliwanagang lubos at nang kanyang maitampok ang mukha natin at loob sa dulot n'yang pagkukupkop.**

#### **Panalangin Pagkapakinabang**

**P** –Ama naming mapagmahal, i pagkaloob mong sa aming pakikinabang sa iyong kagandahangloob na bumubuhay, lagi nawa naming maikarangal ang iyong pagpapalang sa ami'y ibinibigay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B** –Amen!

## PAGWAWAKAS



**P** – Sumainyo ang Panginoon.

**B** – At sumaiyo rin!

**P** – Magsiyuko at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos.

(*Manahimik saglit.*)

– Nawa’y patnubayan kayo ng ningning ng Salita ng Diyos

sa landas ng tunay na Kristiyanong pamumuhay.

**B** – Amen!

**P** – Nawa ang panawagan ni Hesus ay makatagpo sa inyo ng bukas-palad na pagtugon sa tapat na paglilingkod.

**B** – Amen!

**P** – Nawa’y gantimpalaan kayo ng Diyos para sa lahat ng inyong pagsisikap sa pagtatatag ng

Kanyang Kaharian dito sa lupa.

**B** – Amen!

**P** – Pagpalain kayo ng makapang-yarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

**B** – Amen!

**P** – Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalín at paglingkuran ang Panginoon.

**B** – Salamat sa Diyos!

## ANG PAGDATING NG PANANAMPALATAYANG KRISTIYANO SA PILIPINAS

(*P. René T. Lagaya, SDB*)

### ANG PAGDATING NG MGA FRAILE AGUSTINIANO RE-COLETO (O.A.R.) SA PILIPINAS

Ang mga *Fraile Agustiniانو Recoleta* (O.A.R.) ay nakarating sa Pilipinas sa panghihimok ng mga *Fraile Agustiniانو*, lalo na ang mga namumuno sa Simbahan ng San Agustin, Intramuros, sina Fray Mateo de Mendoza, O.S.A., at Fray Francisco de Ortega, O.S.A. Noong ika-23 ng Disyembre 1604 ay pinayagan ni Haring Felipe III ng Espanya ang mga *Fraile Agustiniانو Recoleta* na pumunta sa Pilipinas. Noong ika-12 ng Hulyo 1605 ay tumulak ang barkong *Santa Maria del Juncal* mula Sanlúcar de Barrameda, Espanya, patungong Veracruz, Mexico. Lulan nito ang 14 na mga *Fraile Agustiniانو Recoleta*: 10 pari at 4 na mga hermano. Pinamunuan sila ni Fray Juan de San Geronimo. Mula Veracruz at tinungo nila ang Acapulco.

Umalis ang 14 na misyonero sa Acapulco patungong Pilipinas noong ika-22 ng Pebrero 1606. Sa kanilang paglalayag ay pumanaw ang isa sa kanila, si Fray Andres de San Nicolas. Buwan na ng Mayo nang makarating sila sa Cebu. Mula rito ay tumuloy sila

sa Maynila. Pinatuloy muna sila ng mga *Fraile Agustiniانو* (O.S.A.) at Dominicano (O.P.). Nakapagtayo sila ng sarili nilang tirahan sa Bagumbayan (ngayon ay Luneta), Maynila

Noong buwan ng Setyembre 1606 ay pumunta na ang mga *Fraile Agustiniانو Recoleta* (O.A.R.) sa Mariveles, Bataan. May tumuloy din sa lalawigan ng Zambales, lalo na sa mga lugar ng Bagac, Subic, Iba, Masinloc, Casborran, Sigayan, at Agno. Noong taong 1622 ay tinungo na nila ang isla ng Mindanao, lalo na ang mga lugar ng Tandag, Butuan, Cagayan de Oro, at Linao. Noong 1623 ay pumunta rin sila sa mga isla ng Cuyo, Agutaya, Dumarán, at Linapacan. Nagtayo rin sila ng misyon sa Taytay, isla ng Palawan. Tinungo rin nila ang mga isla ng Romblon, Banton, Tablas, Sibuyan, Mindoro, Masbate, Burias, at Ticao. Noong 1658 ay pinakiusapan din sila ng mga *Fraile Franciscano* na alagaan ang mga bayan ng Casiguran, Baler, at Binagunan sa lalawigan ng Tayabas (ngayon ay Quezon at Aurora). Noong 1673 ay ibinigay din sa mga *Fraile Agustiniانو Recoleta* ang pangangalaga sa Mabalacat, Pampanga, at Bambang, Tarlac. Noong

1744 ay ibinigay sa kanila ng mga *Fraile O.S.A.* ang mga lugar ng Cotcot at Najalin sa Cebu. Itinatag din nila ang bayan ng Danao sa Cebu. Noong taong 1767 ay narating nila ang isla ng Panay, lalo na ang Mambusao, Alkan, at Batan, Capiz. Noong taong 1768 ay nakarating sila sa isla ng Bohol, kung saan ibinigay sa kanila ang mga bayan ng Jagna, Loay, Loboc, Baclayon, Dauis, Tagbilaran, Maribohoc, Loon, at Inabanga.

Naging masigasig din ang mga *Fraile Agustiniانو Recoleta* sa larangan ng pagtuturo. Sila ang nagpapatakbo ng Dalubhasaang San Sebastian – Recoletos, Quia-po, Maynila, ang Dalubhasaang San Sebastian – Recoletos, Lunsod ng Cavite, ang Dalubhasaang San Sebastian – Recoletos, Canlubang, Lunsod ng Calamba, Laguna, ang Dalubhasaang San Sebastian – Recoletos, Lunsod ng Surigao, ang Dalubhasaang Santo Tomas – Recoletos, Lunsod ng San Carlos, Negros Occidental, ang Dalubhasaang San Nicolas de Tolentino – Recoletos, Lunsod ng Talisay, Negros Occidental, ang Pamantasan ng Negros Occidental – Recoletos, Lunsod ng Bacolod, Negros Occidental, at ang Pamantasan ng San Jose – Recoletos, Lunsod ng Cebu.



**WORD & LIFE  
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5402; 8892-2169 • Telefax: 8894-5241 • Website: [www.wordandlife.org](http://www.wordandlife.org)

• E-mail: [marketing@wordandlife.org](mailto:marketing@wordandlife.org); [wordandlifepublications@gmail.com](mailto:wordandlifepublications@gmail.com) • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Vergara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: J. Feliciano • Circulation: R. Saldúa